

MANATILING MAY ALAM!

Alamin ang tungkol sa Benepisyong ng CHW/P/R ng Medi-Cal

Tinatawag ang pansin ng mga CHW/P/R at provider sa komunidad! Alam mo bang binabayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyong ibinibigay ng mga CHW/P/R? Simula Hulyo 2022, sinasaklawan ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa pangkalusugang pag-navigate, edukasyon sa kalusugan, pagsusuri at pagtatasa, at adbokasiya sa personal na kalusugan na ibinibigay mo at ng iba pang pinagkakatiwalaang miyembro ng komunidad na kilala bilang Benepisyong sa Mga Serbisyo ng Community Health Worker.

Ayon sa Medi-Cal, ang layunin ng Benepisyong sa Mga Serbisyo ng Community Health Worker ay ang magbigay ng suporta para sa mga nababalewalang komunidad sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga indibidwal at sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng kultural na outreach, edukasyon, at suporta. Sa paggawa nito, nilalayan ng Medi-Cal na pangunahing magbigay ng mga pangkalusugang resulta, lalo na para sa mga nakakaranas ng mga hadlang gaya ng wika, transportasyon, o mga social determinant ng mga isyu sa kalusugan. **Nagbibigay ang dokumentong ito ng impormasyon sa mga CHW/P/R ng pangkalahatang-ideya ng Benepisyong sa Mga Serbisyo ng Community Health Worker. Gusto naming ipaalam sa iyo ang benepisyong ito para magamit mo ito – para magamit mo ang boses mo para mapahusay ito!**



Paano Tinutukoy ng Medi-Cal ang Mga Serbisyo ng CHW/P/R sa Ilalim ng Benepisyong Ito?

Ang mga serbisyo ng CHW/P/R ay mga pang-iwas na serbisyong ibinibigay ng mga pinagkakatiwalaang katuwang sa komunidad sa nakasulat na rekomendasyon ng doktor o iba pang lisensyadong medikal na propesyonal.



Ano ang Itinuturing ng Medi-Cal na Mga Pang-iwas na Serbisyo?

Mga serbisyong pumipigil sa sakit, kapansanan, hika, at iba pang kundisyong pangkalusugan o paglubha ng mga ito, mga serbisyong nagpapahaba ng buhay at nagtataguyod sa kalusugan ng katawan at isip.

Anong Mga Uri ng Mga Serbisyo ng CHW/P/R ang Nasasaklawan ng Medi-Cal?



1. Edukasyon sa Kalusugan



2. Pangkalusugang Pag-navigate




3. Pagsusuri at Mga Pagtatasa



4. Indibidwal na Suporta at Adbokasiya

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung anong mga serbisyo ang nasasaklawan, bisitahin ang [link na ito](#).



Sino ang Makakapaghatid ng Mga Serbisyo ng CHW/P/R ng Medi-Cal?

Kasama sa mga community health worker ang mga indibidwal na kilala sa iba't ibang trabaho, kasama ang mga promotora, kinatawan at tagapagtaguyod ng kalusugan ng komunidad, navigator, at iba pang hindi lisensyadong pampublikong health worker, gaya ng mga kapamilyang navigator at tagabisita sa bahay.



Saan Puwedeng Ihatid ng Mga CHW/P/R ang Mga Pang-iwas na Serbisyong Ito?

- Sa indibidwal o panggrupong lugar sa isang klinika
- Lugar sa komunidad (hal., paaralan, lokal na klinika, simbahan)
- Sa bahay ng pasyente
- Virtual

Ano ang Mga Kinakailangan para Maging CHW/P/R na Provider ng Medi-Cal?

Mayroong dalawang paraan:



Sa Pamamagitan ng Sertipiko: Dapat magpakita ang mga indibidwal ng patunay ng pagkumpleto ng programa ng CHW/P/R na nauugnay sa mga pangunahing kahusayan, gaya ng komunikasyon, pagbuo ng kapasidad, koordinasyon ng serbisyo at adbokasiya.



Sa Pamamagitan ng Karanasan sa Trabaho: Kwalipikadong magbigay ng mga serbisyo ng CHW/P/R sa ilalim ng benepisyo ng Medi-Cal ang mga indibidwal na may mga posisyong binabayaran o boluntaryo na nagtrabaho nang hindi bababa sa 2,000 oras bilang CHW/P/R sa nakalipas na tatlong taon. Sa paraang ito, may 18 buwan ang mga CHW/P/R mula sa unang pagbisita bilang CHW/P/R sa benepisyaryo ng Medi-Cal para makakuha ng sertipiko ng CHW/P/R, gaya ng inilalarawan sa itaas.

Para sa impormasyon sa kung paano maging CHW/P/R, pakibisita ang [Mga FAQ](#) ng HCAI.



Paano Ka Makakatanggap ng Reimbursement Mula sa Medi-Cal para sa Mga Serbisyo ng CHW/P/R?

- Ang reimbursement ay dapat na isagawa ng nangangasiwang provider na naka-enroll sa Medi-Cal.
- Dapat pangasiwaan ng lisensyadong provider ang mga indibidwal na CHW/P/R, kasama ang klinika, ospital, organisasyon sa komunidad, o lokal na hurisdiksyon sa kalusugan.
- Hindi kailangang iisang entity ang nangangasiwang provider at ang indibidwal na provider na gumawa ng nakasulat na rekomendasyon para sa mga serbisyo ng CHW/P/R.
- Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [link na ito](#).



Ano ang Rate ng Reimbursement ng Medi-Cal para sa Mga Serbisyo ng CHW/P/R?

\$26.66 para sa bawat 30 minutong appointment. Puwedeng magbago ang rate na ito. Sumangguni sa [website ng DHCS](#) para sa pinakabagong impormasyon ng rate. Puwedeng singilin ng mga CHW/P/R ang anim na oras ng mga serbisyo sa kabuuan bago mangailangan ng nakasulat na plano ng pangangalaga para makapaghatid ng mga karagdagang serbisyo.



Ano ang Magagawa Ko sa Impormasyong Ito?

Kung magagamit mo ang Benepisyo sa Mga Serbisyo ng CHW/P/R ng Medi-Cal na ito, puwede kang kumilos para mapahusay ang access sa pangangalaga at mas mahusay na matugunan ang mga hindi natutugunang pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng mga miyembro ng komunidad mo. Matuto pa tungkol sa Benepisyo sa Mga Serbisyo ng CHW/P/R ng Medi-Cal sa [website ng Department of Health Care Services](#).

Ipakalat ang balita! Maraming CHW/P/R ang hindi nakakaalam sa benepisyo ng Medi-Cal o nahihirapang unawain o gamitin ang benepisyo. Mahalagang manatili kang may alam at magtaguyod para gumana ang benepisyong ito para sa iyo at sa mga komunidad na pinaglilingkuran mo! Para sa higit pang resource ng CHW/P/R, bisitahin ang link na ito <http://bit.ly/CHWPR>.